
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 7: Pananagutan ng Magulang



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Pananagutan ng Magulang**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jasmin Sabanati, Rashiel Joy F. Lepaopao |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Victor A. Odtohan, Julita C. Flores, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, John Rey C. Clarion, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Megie M. Lillo |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 7: Pananagutan ng Magulang

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 7 para sa **Pananagutan ng Magulang!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 7 para sa **Pananagutan ng Magulang!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
|  | ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
|  | ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
|  | ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  | ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*

Pinagkalooban ng Panginoon ang magulang ng anak. Ito ay regalong maituturing ngunit kaakibat nito ang pananagutan ng magulang na dapat magampanan sa pagpapalaki sa kaniyang anak. Kabilang na rito ang pagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan gaya ng damit, pagkain, tahanan, pagtuturo ng magagandang asal, pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya, paghubog sa pananampalataya at iba pa. Iba-iba man ang pamilyang pinanggagalingan at maging ang kaparaanan ng mga magulang sa pagtugon sa kaniyang pananagutan sa anak, tiyak sinisikap ng bawat magulang na magampanan ito alang-alang sa ikabubuti at magandang kinabukasan ng anak.

Ang aralin na ito ay maging daan para maunawaan mo ang pananagutan ng isang magulang at kung bakit ito ginagawa ng magulang para sa anak.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:
Naipapaliwanag na

a. Bukod sa paglalang, may pananagutan ang mga magulang na bigyan ng maayos na edukasyon ang kanilang mga anak, gabayan sa pagpapasya at hubugin sa pananampalataya.
b. Ang karapatan at tungkulin ng mga magulang na magbigay ng edukasyon ang bukod tangi at pinakamahalagang gampanin ng mga magulang. (EsP8PB-Id-2.3)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalagang maturuan ng magulang ang mga anak sa mabuting pagpapasiya? Upang:
   A. walang pagsisisihan
   B. malaya sa pagdedesisyon
   C. malaman ang tama sa mali
   D. maging matalino sa pagpapasiya

2. Bakit mahalagang mahubog ng magulang ang pananampalataya ng anak?
   A. dahil ang Panginoon ang sentro ng ating buhay
   B. para maging matagumpay ang buhay ng pamilya
   C. para maging masaya ang samahan ng buong pamilya
   D. dahil ang Panginoon ang pinakamakapangyarihan sa lahat

3. Bakit mahalagang mabigyan ng magulang ang anak nang maayos na edukasyon? Dahil ito ang:
   A. susi sa pagyaman
   B. basihan sa paghanap ng trabaho
   C. pinakamahalagang gampanin ng magulang
   D. yaman ng magulang na hindi puwedeng nakawin

4. May pananagutan ba ang magulang kung hindi niya magampanan ang tungkulin sa anak?
   A. Oo, dahil ito ay kaniyang sariling anak
   B. Oo, sapagkat ito ay dapat nilang gampanan
   C. Oo, sapagkat ito ay tugon sa layon ng Diyos
   D. Oo, dahil ito ay misyon at tungkulin niya bilang magulang

5. Dapat bang nakasentro ang buhay ng pamilya sa Diyos?
   A. Oo, sa tuwing mahal na araw
   B. Oo, pero hindi sa lahat ng panahon
   C. Oo, dahil ang Diyos ang makapangyarihan
   D. Oo, tuwing may problemang hinaharap ang pamilya

6. Paano mahuhubog ng magulang ang pananampalataya ng anak?
   A. magbasa ng aklat
   B. sabay-sabay na manalangin
   C. ituro ang daan papuntang simbahan
   D. palaging magsuot ng mahahabang damit

7. Bakit itinuturing na bukod tangi at pinakamahalagang gampanin ng magulang ang pagbibigay ng edukasyon? Sapagkat ito ay:
   A. humuhubog sa lahat ng aspeto ng isang tao
   B. basihan ng pagiging isang respetadong indibidwal
   C. kwalipikasyon sa paghanap ng magandang trabaho
   D. nauuso sa ngayon na dapat makapagtapos ng pag-aaral

8. Bakit kailangang malinang sa mag-aaral ang aspetong pisikal, mental, emosyonal, sosyal at ispiritwal sa pagbibigay ng maayos na edukasyon? Upang maging kapaki-pakinabang sa:
   A. lolo at lola
   B. sarili at mga kakilala
   C. lipunang ginagalawan
   D. pamilya at kamag-anak

9. Si Erla ay isang mabait at tahimik na batang lumaki sa probinsya na hindi sanay sa pakikihalubilo sa maraming tao. Isang araw, namasyal silang mag-ina sa *mall* at saglit siyang iniwan ng ina na pumunta sa palikuran. Habang naghihintay ay may lumapit na lalaki at niyaya siyang manood ng sine. Sasama na sana siya ngunit dumating ang kaniyang ina at napigilan ito. Ano ang nararapat gawin bilang anak sa sitwasyong ito?
   A. magpaalam sa ina bago sumama
   B. huwag nang makinig sa payo ng ina
   C. magdesisyon na lamang nang mag-isa
   D. sumama na lang sa lalaki dahil libre naman

10. Nagsusumikap sa pagtatrabaho ang magulang ni Lina. Bagama't hindi lahat ng gusto ng anak ay ibinibigay nila. Sa murang edad ay pinapaintindi ng magulang na kailangang mag-ipon at prayoridad ang pagpapaaral sa kaniya. Bakit nag-iipon ang magulang ni Lina? Upang:
   A. maipasyal ang anak
   B. mapagtapos sa pag-aaral ang anak
   C. maibili ng magandang damit ang anak
   D. maibili ng magandang sasakyan ang anak

11. Bakit kailangang gabayan ang anak sa pagpapasiya? Upang:
   A. hindi madapa ang anak
   B. walang pagsisihan sa huli
   C. maging mabuting magulang
   D. maging responsable sa anumang desisyon

12. Gusto ni Maria na mag-aral sa pribadong paaralan ngunit hindi pa niya tiyak kung anong kurso ang kukunin. Bilang magulang, ano ang nararapat gawin upang magabayan ang anak sa pagpapasya?
    A. hayaan na lang malito ang anak
    B. itanong sa anak kung anong gusto niya
    C. magulang ang pipili ng kursong kukunin ng anak
    D. magsuhestiyon na kunin ang kursong gusto ng kaibigan

13. Bakit sinasabing ang edukasyon ay tanging pamana ng isang magulang sa anak?
    A. dahil ang edukasyon ay nagpapayaman
    B. dahil ito ay nagpapadagdag ng kaalaman
    C. dahil ang edukasyon ay hindi nananakaw ninuman
    D. dahil ito ay pinto na magbubukas sa pagkamit ng pangarap

14. Dating nanampalataya si Lucky sa Panginoon ngunit nang magkasakit ng kanser nag-iba ang kaniyang paniniwala, ni ayaw niyang magsimba. Bilang magulang, ano ang nararapat gawin upang muling maibalik ang pananampalataya ni Lucky?
    A. Igalang ang desisyon ng anak.
    B. Pagalitan ang anak hanggang sa magbalik-loob.
    C. Ipaalala na ang Panginoon ang sentro ng buhay ng tao.
    D. Hahayaan ang anak na maniwala na walang Panginoon.

15. Ayaw na ni Max na mag-aral, bilang magulang, paano mo kukumbinsihin ang anak na mag-aral ulit?
    A. Respetuhin ang desisyon ng anak.
    B. Hayaan ang anak na gawin ang gusto.
    C. Ipagbili ang bagay na gusto niya para lang mag-aral ulit.
    D. Ipauunawa sa anak ang kahihinatnan kung walang pinag-aralan.

# Aralin 1 Pananagutan ng Magulang

*"Edukasyon ang tanging pamana ng magulang na kailanman ay hindi mananakaw ninuman."*

*-Anonymous*



## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Tama o Mali!**

Suriing mabuti at isulat ang titik T kung tama at M kung mali ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang kahirapan ay ang kalimitang banta sa mga magulang na hindi napapaaral ang anak.
2. Ang magulang ang pangunahing tagahubog sa pananampalataya ng anak.
3. Ang pagbibisyo ng anak ay nakatutulong sa pag-aaral.
4. Ang krisis sa pamilya ay banta sa pananampalataya.
5. Malaki ang ginagampanang papel ng kaibigan sa pagpapasiya ng anak.




***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

### Gawain 2: Grapiko ng Pananagutan!

Isulat sa graphic organizer ang mga pananagutan o tungkulin ng magulang sa kanilang mga anak at pagnilayan ang mga gabay na tanong.




**Gabay na Tanong:**

1. Para sa iyo, nagampanan ba ng iyong magulang ang nabanggit mong mga pananagutan o tungkulin?
2. Bakit mahalagang magampanan ng magulang ang kaniyang mga pananagutan sa anak?



# *Suriin*

Matapos mong matutunan sa nakaraang modyul ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya at paghubog ng pananampalataya, ngayon ihanda ang sarili sa bagong aralin. Maligayang pag-aaral sa iyo!

Ang taong bumuo ng isang pamilya ay may kaakibat na pananagutan sa mga anak na itinuturing na regalong ipinagkaloob ng Panginoon. Habang nasa sinapupunan pa ang isang bata ay pananagutan ng mga magulang na maisilang ito, magkaroon ng pangalan, nasyonalidad at maibigay ang mga pangunahing pangangailangan lalong lalo na sa pagbibigay ng maayos na edukasyon, paggabay sa pagpapasiya at paghubog ng pananampalataya.

Kung susuriin ang bahaging ***Tuklasin*** sa unang katanungan na nagampanan ba ng iyong magulang ang mga pananagutan na iyong nabanggit? Kung Oo ang iyong sagot ay binabati kita, dahil sinisikap ng mga magulang ang lahat ng makakaya para matugunan at maibigay ang lahat ng pangangailangan ng anak. Hindi rin nila alintana ang hirap at pagod alang-alang sa anak. Kabilang na rito ang pagbibigay ng maayos na edukasyon na isang pananagutan na mahalagang magampanan ng magulang na naglalayong mahubog ang buong pagkatao sa pamamagitan ng paglinang ng aspetong pisikal, mental, emosyonal, sosyal, at ispiritwal upang maging isang kapaki-pakinabang na mamamayan sa lipunang ginagalawan. Ang edukasyon din ang tanging maipamamana ng magulang sa anak na kailanman ay hindi mananakaw ninuman na magsisilbing matibay na pundasyon tungo sa magandang kinabukasan kaya ganoon na lamang nagsusumikap ang mga magulang sa pagtatrabaho sa umaga maging sa gabi para matustusan at mapagtapos ang anak sa pag-aaral. Ni hindi alintana ang pagod at hirap basta't para sa anak walang hindi kayang gawin ng isang magulang.


Mahalaga rin ang paggabay ng magulang sa bawat pagpapasiya ng anak. Simula pagkabata hanggang sa pagtanda ay walang katapusan ang pagpapaalala at pagpapayo. Itinuro na sa gagawing pagpapasya ay dapat makapitong isipin kung ito ba ay nakabubuti o hindi. Ang paggabay ng magulang sa pagpapasiya ay nakakatulong para maging matalino, may paninindigan at responsable sa anuman ang desisyon ng anak.

Bukod sa paggabay ng magulang ay kinakailangang mahubog ang pananampalataya ng anak. Dapat maipamalas na ang Panginoon ang sentro ng kanilang buhay sa pamamagitan ng pananampalataya na makapagpapatibay sa samahan ng bawat kasapi ng pamilya. Kung lumaki ang anak na nakasentro ang buhay sa Panginoon, tiyak maging isang mabuting tao siya sa pamilya, sa kapuwa at sa lipunan.

Sa kabilang banda, ang pagbibigay ng edukasyon ay bukod-tangi at pinakamahalagang gampanin ng mga magulang sa anak sa kadahilanang: ito ang paraan sa pagkamit ng kaalaman, halaga, kasanayan, paniniwala, gawi sa moral, kompyansa sa sarili, kakayahan sa paghusga sa mabuti o masama. Maging sa kakayahang lumaban sa kawalan ng katarungan, karahasan, katiwalian, pagkakaroon ng mas mahusay na moral at etikal na pagpapahalaga at mataas na antas ng kamalayan sa tungkulin at karapatan sa pamilya, lipunan at bansa.

Napabubuti rin ang paraan ng pamumuhay, katayuan sa lipunan at pang-ekonomiya, napapalawak ang pagtingin at pananaw, pagkamit ng pangarap, pagkakaroon ng maayos at mapayapang buhay.

Sa madaling sabi, malaki ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa moderno at industriyalisadong lipunan kung kaya kinakailangan ng tao ang maayos na edukasyon upang mabuhay sa mapaghamong mundo. Ika nga ang edukadong tao na may mahusay na edukasyon ay naging mabuting mamamayan sa lipunan.




# *Pagyamanin*

## Gawain 3: Sagot Mo, Pangatwiranan Mo!

Ipaliwanag ang bawat pananagutan ng magulang sa anak sa isang talata at isaayos ito batay sa sariling pagpapahalaga. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pagbibigay ng maayos na edukasyon
Paggabay sa pagpapasiya
Paghubog sa pananampalataya



Pananagutan ng Magulang sa Anak

**Rubrik sa Pangangatwiran**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Talata | Nakasusulat ng tamang pangangatwiran hinggil sa tatlong pananagutan ng magulang sa anak | Nakasusulat ng tamang pangangatwiran hinggil sa dalawang pananagutan ng magulang sa anak | Nakasusulat ng tamang pangangatwiran hinggil sa isang pananagutan ng magulang sa anak |

## Gawain 4: Kasabihan Ko, Interpretasyon Mo!

Ipaliwanag ang iyong sariling interpretasyon kaugnay ng kasabihan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Kasabihan | Pagpapaliwanag |
|---|---|
| Pagbibigay ng maayos na edukasyon<br><br>*Wastong edukasyon ay pahalagahan, ito ay susi sa magandang kinabukasan.*<br><br>-Anonymous | |
| Paghubog ng pananampalataya<br><br>*Sa oras ng problema at kaginhawaan pananampalataya sa Panginoon ang kakapitan*<br><br>-Anonymous | |
| Paggabay sa pagpapasiya<br><br>*Ang taong may mabuting pagpapasiya*<br>*Nadadala maging sa pagtanda*<br><br>-Anonymous | |

**Rubrik sa Pagsulat ng Interpretasyon sa Kasabihan**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Lahat ng kasabihan ay nabigyang ng tamang interpretasyon | Mayroong dalawang kasabihan ang nabigyan ng tamang interpretasyon | Mayroong isang kasabihan ang nabigyan ng tamang interpretasyon |

## Gawain 5: Pag-unawa sa Teksto!

Unawaing mabuti ang teksto pagkatapos sagutin ang katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Si Anna ay nag-iisang anak ng negosyanteng mag-asawa. Lumaki siyang naranasan ang buhay mayaman kung kaya nakapag-aral sa pribadong paaralan, nakapasyal sa mga lugar na maganda, nakabibili ng mamahaling gamit at masasarap na pagkain. Sa madaling salita, naibigay ng magulang ang kaniyang luho.

Isang araw sa kanilang pamamasyal ay naaksidente ang kaniyang ama na agad namang isinugod sa ospital. Dahil dito, unti-unting ipinagbili ang kanilang mga ari-arian para sa pagpapagamot ng kaniyang ama.

Sa hindi inaasahang pagkakataon ay nahinto si Anna sa kaniyang pag-aaral dahil hindi na makayanan ng kaniyang ina na pagsabayin ang pagpapagamot ng asawa at pagpapaaral sa kaniya.

1. Sa tingin mo ba, pinapahalagahan ng ina ni Anna ang pagbibigay edukasyon sa kaniyang anak? Pangatwiranan.

2. Kung ikaw si Ana, ano ang maaari mong gawin para makapagpatuloy ng pag-aaral sa kabila ng problemang kinakaharap ng pamilya?

**Rubrik sa Gawaing Pag-unawa sa Teksto**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Lahat ng tanong ay nabigyang ng tamang sagot | Mayroong dalawang tanong na nabigyan ng sagot ngunit may kakulangan sa ideya | Mayroong isang tanong na nabigyan ng tamang sagot |

## *Isaisip*

### Gawain 6: Buod-Larawan!

Bumuo ng buod sa pamamagitan ng pagsasalarawan ng pangkalahatang kaisipan sa aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.







**Rubrik sa Pagsulat ng Buod**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di-gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. |
| Kaangkupan sa paksa | May malaking kaugnayan sa paksa ang ginawang buod | Di-gaanong may kaugnayan sa paksa ang ginawang buod | Kaunti lang ang kaugnayan sa paksa ang ginawang buod |
| Kabuoang Puntos = 20 | | | |



## *Isagawa*

**Gawain 7: Karanasan mo, Ibahagi Mo!**

Batay sa sariling karanasan, ibahagi mo kung paano nagampanan ang pananagutan ng iyong magulang batay sa mga naitala sa hanay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Mga Pananagutan | Karanasang Maibahagi |
|---|---|
| 1. Maayos na edukasyon | |
| 3. Paggabay sa mabuting pagpapasya | |
| 3. Paghubog ng pananampalataya | |

**Rubrik sa Pagsulat ng Talata**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Talata | Lahat ng pananagutan ng magulang ay naibahagi nang tama | Mayroong dalawang pananagutan ng magulang ang naibahagi nang tama | Mayroong isang pananagutan ng magulang ang naibahagi nang tama |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano mahuhubog ng magulang ang pananampalataya ng anak?
   A. magbasa ng aklat
   B. sabay-sabay na manalangin
   C. ituro ang daan papuntang simbahan
   D. palaging magsuot ng mahahabang damit

2. Bakit itinuturing na bukod tangi at pinakamahalagang gampanin ng magulang ang pagbibigay ng edukasyon? Sapagkat ito ay:
   A. humuhubog sa lahat ng aspeto ng isang tao
   B. basihan ng pagiging isang respetadong indibidwal
   C. kwalipikasyon sa paghanap ng magandang trabaho
   D. nauuso sa ngayon na dapat makapagtapos ng pag-aaral

3. Bakit kailangang malinang ng mag-aaral ang aspetong pisikal, mental, emosyonal, sosyal at ispiritwal sa pagbibigay ng maayos na edukasyon? Upang maging kapaki-pakinabang sa:
   A. lolo at lola
   B. sarili at mga kakilala
   C. lipunang ginagalawan
   D. pamilya at kamag-anak

4. Si Erla ay isang mabait at tahimik na batang lumaki sa probinsya na hindi sanay sa pakikihalubilo sa maraming tao. Isang araw, namasyal silang mag-ina sa *mall* at saglit siyang iniwan upang pumunta ang ina sa palikuran. Habang naghihintay ay may lumapit na lalaki at niyaya siyang manood ng sine. Sasama na sana siya ngunit dumating ang kaniyang ina at napigilan ito. Ano ang nararapat gawin bilang anak sa sitwasyong ito?
   A. magpaalam sa ina bago sumama
   B. huwag nang makinig sa payo ng ina
   C. magdesisyon na lamang nang mag-isa
   D. sumama na lang sa lalaki dahil libre naman

5. Nagsusumikap sa pagtatrabaho ang magulang ni Lina. Bagama't hindi lahat ng gusto ng anak ay ibinibigay nila. Sa murang edad ay pinapaintindi ng magulang na kailangan nilang mag-ipon at prayoridad ang pagpapaaral sa kaniya. Bakit nag-iipon ang magulang ni Lina? Upang:
   A. maipasyal ang anak
   B. mapagtapos sa pag-aaral ang anak
   C. maibili ng magandang damit ang anak
   D. maibili ng magandang sasakyan ang anak

6. Bakit kailangang gabayan ang anak sa pagpapasiya? Upang:
   A. hindi madapa ang anak
   B. walang pagsisihan sa huli
   C. maging mabuting magulang
   D. maging responsable sa anumang desisyon

7. Gusto ni Maria na mag-aral sa pribadong paaralan ngunit hindi pa niya tiyak kung anong kurso ang kukunin. Bilang magulang, ano ang nararapat gawin upang magabayan ang anak sa pagpapasya?
   A. hayaan na lang malito ang anak
   B. itanong sa anak kung anong gusto niya
   C. magulang ang pipili ng kursong kukunin ng anak
   D. magsuhestiyon na kunin ang kursong gusto ng kaibigan

8. Bakit sinasabing ang edukasyon ay tanging pamana ng isang magulang sa anak?
   A. dahil ang edukasyon ay nagpapayaman
   B. dahil ito ay nagpapadagdag ng kaalaman
   C. dahil ang edukasyon ay hindi nananakaw ninuman
   D. dahil ito ay pinto na magbubukas sa pagkamit ng pangarap

9. Dating nanampalataya si Lucky sa Diyos ngunit nang magkasakit ng kanser nag-iba ang kaniyang paniniwala, ni ayaw niyang magsimba. Bilang magulang, ano ang nararapat gawin upang muling maibalik ang pananampalataya ni Lucky?
   A. Igalang ang desisyon ng anak.
   B. Pagalitan ang anak hanggang sa magbalik-loob.
   C. Ipaalala na ang Panginoon ang sentro ng buhay ng tao.
   D. Hahayaan ang anak na maniwala na walang Panginoon.

10. Ayaw na ni Max na mag-aral, bilang magulang, paano mo kukumbinsihin ang anak na mag-aral ulit?
   A. Respetuhin ang desisyon ng anak.
   B. Hayaan ang anak na gawin ang gusto.
   C. Ipagbili ang bagay na gusto niya para lang mag-aral ulit.
   D. Ipauunawa sa anak ang kahihinatnan kung walang pinag-aralan.

11. Bakit mahalagang maturuan ng magulang ang mga anak sa mabuting pagpapasiya? Upang:
    A. walang pagsisisihan
    B. malaya sa pagdedesisyon
    C. malaman ang tama sa mali
    D. maging matalino sa pagpapasiya

12. Bakit mahalagang mahubog ng magulang sa pananampalataya ang anak?
    A. dahil ang Panginoon ang sentro ng ating buhay
    B. para maging matagumpay ang buhay ng pamilya
    C. para maging masaya ang samahan ng buong pamilya
    D. dahil ang Panginoon ang pinakamakapangyarihan sa lahat

13. Bakit mahalagang mabigyan ng magulang ang anak nang maayos na edukasyon? Dahil ito ang:
    A. susi sa pagyaman
    B. basihan sa paghanap ng trabaho
    C. pinakamahalagang gampanin ng magulang
    D. yaman ng magulang na hindi puwedeng nakawin

14. May pananagutan ba ang magulang kung hindi niya magampanan ang tungkulin sa anak?
    A. Oo, dahil ito ay kaniyang sariling anak
    B. Oo, sapagkat ito ay dapat nilang gampanan
    C. Oo, sapagkat ito ay tugon sa layon ng Diyos
    D. Oo, dahil ito ay misyon at tungkulin niya bilang magulang

15. Dapat bang nakasentro ang buhay ng pamilya sa Diyos?
    A. Oo, sa tuwing mahal na araw
    B. Oo, pero hindi sa lahat ng panahon
    C. Oo, dahil ang Diyos ang makapangyarihan
    D. Oo, tuwing may problemang hinaharap ang pamilya



# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Kung ikaw?**

Panuto: Dugtungan ang mga parirala upang makabuo ng isang makabuluhang konsepto. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong magulang, paano mo ipaliliwanag sa iyong mga anak ang halaga ng pagbibigay ng maayos na edukasyon?

   Kung ako ang nasa katayuan nila, ________________________________

2. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong magulang, paano mo maipapakita ang paggabay sa pagpapasya ng iyong mga anak?

   Kung ako ang nasa katayuan nila, ________________________________

3. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong magulang, paano mo huhubugin sa pananampalataya ang iyong anak?

   Kung ako ang nasa katayuan nila, ________________________________

**Rubrik sa Gawaing Kung Ikaw**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Sagot | Lahat ng parirala ay nadugtungan at nasagutan nang tama | Mayroong dalawang parirala na nadugtungan at nasagutan nang tama | Mayroong isang parirala na nadugtungan at nasagutan nang tama |



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. D
2. A
3. C
4. D
5. C
6. B
7. A
8. C
9. A
10. B
11. D
12. B
13. C
14. C
15. D

**Balikan**
**Gawain 1**

1.T
2.T
3.M
4.T
5.M

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. A
5. B
6. D
7. B
8. C
9. C
10. D
11. D
12. A
13. C
14. D
15. C

# *Sanggunian*


**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

Aladics, Richard S. 2000. *christendom-awake.org.* November 5. Accessed May 26, 2020. http://christendom-awake.org/pages/aladics/rights&duties.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph